

# Pasko sa UP Diliman 2017

AKTIBIDAD	PETA, ORAS AT LUGAR	DETALYE
<b>Pag-iilaw para sa Pasko 2017 at Konsiyerto sa Plaza</b>	Ika-24 ng Nobyembre (Biyernes), 6:30 ng hapon, Oblation Plaza	Pormal na pagbubukas ng mga pamaskong ilaw ng kampus na siyang hudyat ng pagbubukas ng Kapaskuhan sa UP Diliman.
<b>Session Avenue</b> (kick-off celebration of the 100 years of Philippine Radio)	Ika-1 ng Disyembre (Biyernes), 6–10 ng gabi, CMC Hill	Isang on-ground music and cultural event ang Session Avenue kung saan magsasama-sama ang mga homegrown at local na talent ng University of the Philippines. Itatampok ang iba't-ibang indie bands, solo artists, spoken word artists, manunula at iba pa. Magkakaroon ng open mic jamming session kung saan maari ring magtanghal ang mga tagapanood.  Ito rin ay magiging isang taped-as-live music segment para sa programang Soundtrip ng DZUP 1602. Bahagi ito ng selebrasyon ng ika-60 anibersaryo ng DZUP.
<b>Messiah</b>	Ika-7 at 8 ng Disyembre (Huwebes at Biyernes) 6:30 ng gabi, Abelardo Hall Auditorium	Libreng taunang pagtatanghal ng Kolehiyo ng Musika sa Paskong Kabanata ng Messiah ni George Frederic Handel. Tampok ang UP Concert Chorus, UP Cherubim and Seraphim, UP Staff Chorale, Villancico, Dawani Women's Choir, UP Orchestra at marami pang iba!
<b>Paligsahan ng Parol</b>	Ika-15 ng Disyembre (Biyernes) 5 ng hapon – 9 ng gabi, Amphitheater	Paligsahan ito ng mga yunit pang-akademiko sa pinakamagandang parol na tumutugma sa temang "UP Diliman: Paaralan, Palaruan."  Maglalabas ang OVCCA ng hiwalay na detalye at alituntunin nito.
<b>Parada ng mga Parol</b>	Ika-15 ng Disyembre (Biyernes) 5 ng hapon – 9 ng gabi,  likot sa Academic Oval at magtatapos sa Amphitheater	Parada ito ng mga parol mula sa mga iba't-ibang kolehiyo at yunit. Susundan ito ng palatuntunan sa Amphitheater, pagtatanghal, paggawad ng premyo sa pinakamahusay sa paligsahan ng Parol, at ang inaabangang fireworks display.
<b>Maskipaps: The Crossover</b>	Ika-15 ng Disyembre (Biyernes) 7 ng gabi – 4 ng umaga, Sunken Garden	Inihahandog ng UP Beta Epsilon ang isang music festival pagkatapos ng Lantern Parade kung saan magtatanghal ang iba't-ibang banda at mga DJ.